STATE OF WASHINGTON
DEPARTMENT OF SOCIAL AND HEALTH SERVICES
DIVISION OF CHILD SUPPORT (DCS)

APLIKASYON PARA SA MGA SERBISYO NG PAGPAPATUPAD NG SUSTENTO SA HINDI PAGTULONG

APPLICATION FOR NONASSISTANCE SUPPORT ENFORCEMENT SERVICES
(RCW 74.20A)

MGA INSTRUKSIYON

Basahin nang maingat itong form. **Buong sagutin itong form at ibalik sa** Dibisyon ng Serbisyo Para sa Sustento sa Bata (Division of Child Support - DCS) sa direksiyon na nakalista sa pahina 3. Maliban sa inyong lagda, iimprenta o imakinilya ang inyong mga sagot.

IMPORMASYON TUNGKOL SA INYO

PANGALAN (UNA, GITNA, APELYIDO):	NUMERO NG TELEPONO: ( )	NUMERO NG SOCIAL SECURITY:

DIREKSIYON NG KALYE	LUNSOD	ESTADO	ZIP CODE

IMPORMASYON TUNGKOL SA MAGULANG NA HINDI TAGAPAG-ALAGA

PANGALAN (UNA, GITNA, APELYIDO):

PAHAYAG

Ipinapahayag ko na ako:

1. Ay hindi tumatanggap o humihingi ng mga serbisyo sa pagpapatupad ng sustento mula sa ibang estado o autoridad.
2. Sa akin naninirahan ang mga bata na aking kasalukuyang ipinaghihiling ng sustento o sa akin nanirahan ang mga bata sa panahon nang nagkaroon ng utang sa sustento.
3. Hindi ko may kamaliang ipinagkaila sa legal na pisikal na tagapag-alaga ang pag-alaga ng mga bata.
4. Hindi ako tumatanggap ng pondong tulong pambayan para sa mga bata.

Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagsisinungaling sa ilalim ng mga batas ng estado ng Washington na itong mga naunang binanggit ay totoo at tumpak.

INYONG LAGDA:	POOK NG PINAGLAGDAAN:	PETSA:

Gusto kong ako at ang aking mga anak ay bigyan ng DCS ng mga serbisyo ng pagpapatupad ng sustento sa bata. Gusto kong ang DCS ang tumanggap at lumagda sa lahat ng bayad ng sustento sa bata (mga tseke, money order, mga paglipat na elektroniko ng pondo, atbp.) na sinisingil para sa akin.

Kung ako ay kasalukuyang tumatanggap ng mga sustento sa bata sa pamamagitan isang hukuman ng tribo o ng ahensiya ng pagpapatupad ng sustento sa bata ng ibang estado gusto kong ipadala sa DCS ng hukuman o ng ahensiyang iyon ang lahat ng bayad.

Aking binasa at nauunawaan ang form ng Impormasyon ***Tungkol sa Pagpapatupad ng Sustento sa Hindi Pagtulong*** natanggap ko kasama ng aplikasyong ito.

Nauunawaan ko na:

1. Ang DCS ay hindi makakasingil ng mga utang na sustento sa bata na ipinagbabawal ng batas ng mga katakdaan.

2. Ang DCS ay hindi maaaring utusan ang isang Indiyang tribo, negosyong pag-aari ng tribo, o ang negosyo na Indiyan ang may-ari na nasa loob ng reservation na ibawas sa sahod ng isang magulang na hindi tagapag-alaga ang sustento sa bata. Kung ang isang tribo at ang DCS ay mayrooong isang kasunduan na gawin ito, hihilingin ng DCS ang tribo na ipatupad ang aking utos ng sustento sa bata.

3. Ang aking utos ng sustento sa bata ay itatala ng DCS sa Washington State Support Registry (WSSR).

4. Kung ako ay isang utos ng hukuman sa Estado ng Washington na inuutusan ang magulang na hindi tagapag-alaga na bayaran sa WSSR ang sustento sa bata, ang aking kaso ay mananatili sa WSSR hanggang palayain ang aking utos ng isang hukuman.

5. Ipamamahagi ng DCS ang aking kasalukuyang sustento sa bata alinsunod sa iniuutos ng batas pederal at batas ng estado. Ang DCS ay:

   a. Gagamitin ang kasalukuyang sustento sa bata para sa buwang tinanggap iyon.

   b. Ipadadala sa akin ang kasalukuyang sustento sa bata. (Kung ang magulang na hindi tagapag-alaga ay may higit pa sa isang utos ng sustento sa bata at hindi kayang bayaran ng isang bayad ang lahat ng kasalukuyang buwanang sustento, paghahatiin nang pare-pareho ng DCS ang bayad sa mga kaso.)

   c. Gagamitin para sa utang na sustento sa bata (kung mayroon) ang mga sobrang halaga ng mga bayad sa kasalukuyang sustento sa bata. Magsisimula sa Oktubre 1, 2000, ang DCS ay ipamamahagi ang natanggap na huling sustento para sa bata mula sa:

      (1) Mga pinagmulan maliban sa IRS ayon sa sumusunod.

         (a) Panguna, sa mga huling sustento sa bata na utang sa akin pagkatapos huminto ang pagtanggap ko ng kaloob na tulong publiko. Ako ang tatanggap ng mga bayad na ito.

         (b) Pangalawa, sa mga huling sustento sa bata na utang para sa mga takdang panahon bago ako tumanggap ng kaloob na tulong publiko (kung nagsimula akong tumanggap ng kaloob makalipas ang Oktubre 1, 1997). Ako ang tatanggap ng mga bayad na ito.

         (c) Pangatlo, sa mga huling sustento sa bata na utang para sa mga takdang panahon nang ako ay tumanggap ng kaloob na tulong publiko at/o para sa mga takdang panahon bago ako nagsimulang tumanggap ng kaloob na tulong publiko (kung ako ay tumanggap ng kaloob bago Oktubre 1, 1997). Kukunin ng DCS ang mga bayad na ito upang bayaran ang estado at pederal na pamahalaan para sa mga kaloob na ibinigay sa aking pamilya.

      (2) Ang IRS ayon sa sumusunod:

         (a) Panguna, sa mga huling sustento sa bata na utang para sa mga takdang panahon nang ako ay tumanggap ng kaloob na tulong publiko at/o para sa mga takdang panahon bago ako nagsimulang tumanggap ng kaloob (Kung ako ay tumanggap ng kaloob bago Oktubre 1,1997). Kukunin ng DCS ang mga bayad na ito upang bayaran ang estado at pederal na pamahalaan para sa mga kaloob na ibinigay sa aking pamilya.

         (b) Pangalawa, sa mga huling sustento sa bata na utang para sa mga takdang panahon bago ako tumanggap ng kaloob na tulong publiko (kung tumanggap ako ng kaloob makalipas ang Oktubre 1, 1997). Kukunin ng DCS ang mga bayad na ito upang bayaran ang estado at pederal na pamahalaan para sa mga kaloob na ibinigay sa aking pamilya.

         (c) Pangatlo, sa mga huling sustento sa bata na utang sa akin pagkatapos huminto ang pagtanggap ko ng tulong publiko. Ako ang tatanggap ng mga bayad na ito.

6. Kailangan kong isauli ang salaping ipinadala sa akin ng DCS kung:

   a. Mali ang halagang ipinadala sa akin ng DCS.

   b. Pinadalhan ako ng DCS ng salapi na higit pa sa halagang binayad sa DCS ng magulang na hindi tagapag-alaga.

7. Ang RCW 74.20A ay pinahihintulutan ang DCS na bawiin mula sa akin ang sumobrang halaga na naibayad sa akin. Magagawa nila ito kahit na ako ay hindi na tumatanggap ng mga bayad na sustento sa pamamagitan ng DCS. Maaaring gawin ito ng DCS sa pamamagitan ng pagkuha ng:

   a. Pagkuha ng sampung porsiyento ng anumang kasalukuyang bayad sa sustento.

   b. Pagkuha ng lahat ng bayad sa utang na sustento.

   c. Pagpapadala sa aking pinagtratrabahuhan o iba pang tao o organisasyon na humahawak ng mga ari-arian para sa akin ng isang ***Utos/Notisya na Pagbawas ng Kita para sa Sustento sa Bata*** Ang notisya/utos na ito ay nagsasabi sa aking pinagtratrabahuhan o iba pang tao o organisasyon na ibawas ang mga labis na kabayaran mula sa aking mga sahod, kita, at ari-arian.

   d. Pagpapatala ng singilin laban sa aking mga ari-arian at personal na pag-aari.

   e. Paggamit ng anumang remedyo sa pangongolekta na mayroon sa ilalim ng RCW 26.09, RCW 26.18, RCW 26.23, at RCW 74.20.

8. Ang DCS ay hindi kumakatawan sa akin o sa kabilang partido ng aking utos ng sustento sa bata. Para pangalagaan ang aking kapakanan, kailangan akong dumalo sa lahat ng pagdinig o pagharap sa hukuman na nauukol sa aking utos ng sustento sa bata. Kung ako ay hindi pumunta at sumali sa isang pagdinig, ang Hukom ng Tagapaglapat ng Batas ay maaaring magpahintulot ng anumang hiling na gagawin ng DCS o ng ibang partido sa aking utos ng sustento sa bata ng wala ng karagdagang patalastas sa akin.

9. Ang DCS ay maaaring ideposito nang deretso sa aking account sa bangko sa pamamagitan ng Electronic Funds Transfer (EFT) ang mga bayad na sustento sa bata. Makakakuha ako ng karagdagang impormasyon tungkol sa EFT sa pagtawag sa DCS sa 1-800-468-7422.

10. Ang DCS ay maaaring magpahatid ng mga nakasulat na patalastas sa lahat ng mga partido sa aking utos ng sustento sa bata sa pamamagitan ng primerang klase na koreo. Ang DCS ay maaaring magpahatid nitong mga patalastas sa mga huling alam na tirahan ng mga partido.

Ako ay sumasang-ayon na:

1. Ipadala sa DCS ang lahat ng bayad sa sustento na makukuha ko mula kanino man maliban sa DCS. Kailangan kong ipadala ang mga bayad sa DCS sa loob ng walong araw.

2. Ipabatid sa DCS kung hilingin ko sa ibang tao o sa isang ahensiya na maningil para sa akin ng sustento sa bata.

3. Ipabatid sa DCS kung magbago ang aking direksiyon o ang direksiyon ng mga anak ko.

4. Ipadala sa DCS ang mga kopya ng lahat ng utos ng sustento sa bata na binabago ang mga iniuutos na sustento sa bata o binabago kung sino ang tagapag-alaga ng mga bata na ang mga pangalan ay binabanggit sa aking kaso.

Kung kayo ay may mga katanungan, sulatan o tawagan ang:
DIVISION OF CHILD SUPPORT

May mga serbisyong TTY/TDD para sa mga taong may diperensiya sa pagsasalita o pandinig.
Bisitahin ninyo ang aming web site sa: www.wa.gov/dshs/dcs

Walang sinuman ang pakikitunguhan nang masama sa trabaho, mga serbisyo, o anumang bahagi ng mga gawain ng programa dahil sa kanyang lahi, kulay, bansang pinagmulan, pananampalataya, relihiyon, kasarian, gulang o pagkabaldado. Itong form ay maaaring makuha sa ibang mga anyo kapag hiniling.